Mula sa

# *MULI, ISANG EBANGHELYO NG APOY*

Ralph Fonte

## Glasyar

Ikaw na nagbinyag sa akin,

maaalaala mo pa ba

kung sino ako

ngayong ako'y naglaho na

sa landas ng niyebe at ng selyiska,

ng mga glasiyar at ng puso ng gubat?

Naglaho na tayo sa isa't isa.

Ang pangalan ko: alingawngaw

na hindi na mabigkas.

Ito ang panganib ng mga pangalan—

ako ay nagiging ako

ayon sa pagbihag mo.

Niyebe, glasyar, yelong itim

ang bawat isa'y bagay na kasintiyak

ng mga buto.

At ikaw, nasa layong halos isang mundo.

Naglaho na rin ako maging sa sarili.

Iusal mo ang aking pag-iral.

Ako ay glasyar

sa bingit ng paglipad.

## English is the Language of the Future

Kahit ano pang sabihin ninyo, kailangan nating kumatha ng mga bagong salita. Ano nga ba ang itatawag sa mga sanaw na nangaiipon sa mga bangketa, kasing-iitim ng kalawakan kahit tirik ang araw, o sa mga ilaw ng mga mata ng kotse na gumagapang sa mga kawad ng kuryente, o sa mga sahuran ng tubig na nakanganga sa langit tuwing tag-ambon, sa ipinagbibiling mga bote ng sariwang hangin, sa mga patak ng langis na sinimot sa mga tangke ng lumang sasakyan kapag nangalirang na ang mga bukal ng krudo, sa mga darating na digmaang tutubusin ng dugo ang tubig, at sa mga magbabakwit tungo sa mga lungsod na ititindig sa buwan at sa Marte?

Or baka it wouldn't really matter.

We might as well just keep using English words—climate change, ultraviolet radiation, desertification, parallax error, The International Space Station, Martians, dark matter, water—kasi we're doomed anyway. Regardless sa kung anong sabihin mo, the computer models will tell you: magiging desert ang huge swathes of the equator. Melting permafrost will release ancient stores of methane. Darating ang mga bagyong palala nang palala, palubha nang palubha, bigger and stronger than we've ever seen, and our cities will all make lubog sa dagat, so aanhin pa ang Tagalog? Walang kailangang maunawaan ang mga patay. Balang araw, wala nang mga ilog, ang Maynila ay magiging kumukulong kipot, at makatunaw-bakal na ang titig ng tanghali sa mga labi ng Pilipinas. So why bother with the translation of headlight or Hawking Radiation, or Herd Immunity, or Mass Extinction, kahit na for now no one understands these words sa kalye. It's English. Everyone understands English. Or rather, *should* understand English. Which is to say, mamamatay ka na lang kung di ka marunong mag-English.

Kaya hayaan na nating mamatay itong wika with the Earth. After all, in the end, kapag nasa terminal ka na sa Houston, trying to board the latest shuttle papuntang Mars, hindi naman nila itatanong kung kumusta ka e, kung ano'ng pangalan mo, o kung nakakain ka na ba. No. Instead, they'll ask you your name, your ethnicity, your IELTS score, and, seeing all those reddening, sunburnt white people behind you, why the fuck should they let your brown skin leave this dying planet.

## Soneto sa Huling Puno

Kalawang ang langit, baog na lupain
sa lahat ng dako, ayaw pang mamatay
ng huklubang kahoy. Tuwing mag-aAbril

pawang nalululot sa kanyang paanang
gabukan ang mga bungang mapipintog.
Pag muling bumugso ang asim na ulan,

simot na ng mga ugat ang nalamog
na putik. Wala ring sisilong na tuka.
Sa siwang ng mga dahon, mantsang tuldok

ang Marte. Siglo na mula nang ipunla'ng
mga sugong binhing naging kakahuyan
paglikas ng tao sa mundong gumiba.

Nakaunat ngayon sa langit ang duklay
na dinarapuan ng palakol na b'wan.

## Kung Bakit Napakainit Pa Rin Kahit Nobyembre

Nakalutang sa papawirin ngayong gabi ang mga planeta. Malabituin. Ang Hupiter at Saturno sa magkabilang talim ng malantik na karayom ng buwan. Sa lupa, tila ako nakatungtong sa nangnang. May palamuting lamlam ang lahat ng rabaw, ang mga eskinita, ang mga dingding, ang madidilim kong palad, at mistulang nakakalatis ang liwanag, naghihimulmol sa mga daliri. Anila, may pangako ang ganitong paghahanay ng mga buntala. Pagsilang. O ang malayong pagsibol. Marahil. Buong araw akong pinalibutan ng mga nahuhulog na dahon. Sa bawat kong hakbang, nangadurog sila sa talampakan at buong hapong nagkulay-alipato ang mga bangketa. Kung ibang lugar sana ito, aakalain mong taglagas. Kung ibang lugar sana ito, aabangan natin ang ganitong paglalanggas. Kaibigan, wala ritong pinipiling panahon ang kamatayan. Lagi ang alinsangan. Lagi ang ganitong nanunuot na init, mistulang mga anay sa ilalim ng balat. Oo, hinihintay ko rin ang ngasab ng Amihan. Kahapon, may dumating na namang bangkay sa ospital. Mukhang nalunod. Nahukay raw sa bahay niyang natabunan ng putik kahit malaon na dapat natapos ang tagbagyo. Inihiga namin ito at halos pumutok sa pagkaagnas ang lumolobong katawan. Tinagasan ng gailog na tubig-baha nang bombahin ang dibdib, pinag-umapawan hanggang magbaysak sa buong paligid. Maya-maya, nang ihahayag na ang oras ng pagpanaw, nagpupusagan sa sahig ang mga isdang nangagtago sa kaniyang katawan. Napanood ko na rin ang ganitong tagpigtal habang tag-araw at tag-ulan. Minsan, nagtalik kami ng dati kong kasintahan sa abuhing dalampasigan ng Silangin at para kaming dalawang punong tinataglagas, apurang naghuhunos ng mga sapin na nagkukulong ng init sa katawan, kaming dalawang nagkikiskisang humbad, sumisiklab at nasusunog sa gitna ng humahaplit na bagyo. Hindi na kami nag-uusap. Walang tiyak kundi ang pagwawakas. Maging ang ganitong init. Minsan isang gabing hindi mo mamamalayan, bukas, marahil, kundiman sa susunod na buwan, muling magtatalatag ang mga anyong-langit at mapapalamutian ulit ng luningning ang gabi. At ikaw, na naglalakad sa eskina sa ilalim ng malamlam na tanglaw ay sasalubungin ng balantok na kislap ng malabuwang sundang. Talim sa tagiliran. Galatiang paglalangib. May lalagaslas nang sapa. At ikaw, sa lupa, habang ginagapangan ng mga hantik, ay daranas sa wakas ng lamig.

## Magugunaw Ang Mundo Minsan Isang Miyerkules Habang Kumakain Ka Ng Bananakyu

*alinsunod kay Stephanie Chan*

Magugunaw ang mundo minsan isang Miyerkules
habang kumakain ka ng bananakyu.
Kung suwerte ka, nakatira ka sa SM Blue
pinanonood ang dapithapong kumukumot
sa Antipolo at biglang
gagalaw ang linsad ng Marikina,
guguho ang gusali, malalaglag ka
nang mahigit limampung palapag
sa bangin sa gilid ng Katipunan
at matatabunan ng mga kuwartong
tinipid ng SM. Bonus: hindi na makikita
ng mga mahal mo sa buhay ang lasog mong bangkay.
Maaari din namang kinakagatan mo ang tuhog
ng saging habang naglalakad sa gilid ng Beywok.
Lalatay ang DaBigWan. Papatirin
ang uhaw mo ng tsunami ng maitim, mabaho,
at malaimburnal na tubig ng Manila Bay.
Hindi mo na mapapansin ang lumulutang
na tae at kondom. Posible rin naman,
kung minalas-malas ka, nakasakay ka ng bus
na walang erkon sa EDSA, pangata-ngata
sa sabang nanlalambot sa loob ng plastik
habang nakayakap sa bag
na ayaw mong nakawin ng katabi
na mukhang manyak. Uuga. Lindol pala.
May iingit. Titingala ka at matatabunan ng nadurog
na kisame ng anderpas at ng mga pedestriyan
na nakikipagpatintero sa mga dyip ng Cubao.
Ni hindi na nakasigaw ng HOLDAP
ang katabi mo. Di ka rin naman na
nakapagtaas ng kamay. O kaya naytsyip ka,
nilulutas ang mga suliranin ng mga Kano

sa Tate, kung paano ba magset-ap ng haytek
na towstehr, plantsado ang *accent* sa *English,*
at may sasalpok na bulalakaw sa caulsennehr
at mapapuputangina ka sa kliyenteng puti
sa harap ng napatanga at napanganga mong bos
bago mapatid ang linya. O kaya naghihintay ka
ng masasakyang dyip at masasagasaan
ng ilandaang rumaragasang paa ng Tsekwa
na nagpapanik sa Pasay. Sinigawan ka nila,
"TABI!" e kaso engot kang di marunong
mag-Mandarin. Basta, isipin mo: hawak mo
ang istik ng bananakyu. Biglang magpapasya
ang Amerika at ang Tsina na magpuksaan
sa bandang Pinas, bakit nga naman hindi,
sayang naman kasi ang nakaimbak na dyuteryum
sa ~~SawtTsaynaSi~~ WesPilipinSi at mapuputukan
ng ligaw na nukleyarbam ang Luzon.
Lulutang ang mga patay na isda sa dagat.
Magtatago sa kani-kanilang mga bangker
ang mga kagalang-galang na representatib
ng bayan pero oo nga pala
wala kang maririnig wala kang makikita
wala kang malalaman kasi sabi nga pala
ni Duterte na bawal na ang balita. Malas mo.
Brrt Brrt Brrt.
Walang mapapanood sa TV. Estatiko lang.
Uulan ng bituka. Aagos ng apdo. Nganganga
ang mga bundok. Mararamdaman mong
yumanig ang lupa at malalasahan mong
malapnos ang palayan. Sa mga tsekpoynt
ng mga parak at militar, hahanapan ka nila
ng kwarantimpas, ng sedula, o kaya ng *certificate*
*of employment* at titingnan kung terorista ka ba
sa peysbuk at *Twitter* kaso wala na pala kayong lahat
na mobayl deyta kaya hihingan ka na lang nila
ng pangmeryenda. Hindi kawnted ang bananakyu
mong may kagat na kaya tatamnan ka na lang
ng tobats, at totokhangin

isang segundo bago sumalpok ang beam rifle
ng Gundam na nakikipaglaban sa Elyens
sa kalyeng kinatatayuan mo. Amen.
Expected naman na ang lahat ng ito.
Alam naman natin na matagal nang lumulubog
sa dagat ang Pilipinas, na binabawi ito ng alat
parang Asian Venice o Atlantis.
H'wag kang magulat
na kapag nagbitak ang kongkreto
at nangagbuwal ang mga bilding
at nangabasag ang matatayog nilang salamin,
kabibili mo lang ng bananakyu
sa suki mong magmemeryenda.
Mainit-init pa ang saging, makinang
ang naggaok na arnibal sa sabang pinakuluan
sa kawaling may tatlong-linggong gulang
na mantika kapag namatay ka na sa wakas
bago pa man malunok ang unang kagat
dahil nakatitig ka sa seleponong tumatawid
ng lansangan, nanonood ng pro-Marcos video,
kaya mahuhulog sa bukas na manhol
sa kalsadang pinapaayos ni kuya Bong Go
dahil bertdey pala ng paborito mong politiko